



Australian Government

Department of Health

Pagprotekta ng komunidad laban sa Coronavirus (COVID-19)

Habang patungo tayo sa pamumuhay na COVIDSafe (Ligtas sa COVID), mahalaga na ikaw ay manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit. Kung ikaw ay may sipon o may tila-trangkasang mga sintomas, dapat kang humingi ng payong medikal tungkol sa pagkakaroon ng test para sa COVID-19. Ang mga tao na may bahagya lamang na mga sintomas ay makakapagkalat pa rin ng virus.

Pag-test para sa COVID-19

Aalamin ng test kung ang mga pasyente ay mayroong COVID-19 at tutulong ito sa mga pangkalusugang awtoridad na masubaybayan ang pagkalat ng virus.

Ang maagang diyagnosis ay nangangahulugan na makakagawa ka ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng virus sa iyong mga kaibigan o pamilya. Kung ikaw ay may lagnat, ubo, masakit na lalamunan o pangangapos ng hininga, mahalaga na ikaw ay magawan ng test.

Ang test ay lalo pang mahalaga kung ikaw ay may sakit at:

- kababalik mo lamang kamakailan sa Australya mula sa ibang bansa. Lahat ng mga manlalakbay ay magku-kuwarantena nang 14 na araw pagdating sa Australya;
- ikaw ay nagkaroon ng malapitang kontak sa isang tao na nadiagnos na mayroong COVID-19 sa nakaraang 14 na araw;
- ikaw ay isang manggagawa o kawani na may direktang kontak sa pasyente sa isang lugar ng pangangalagang pangkalusugan (health care), pangangalaga sa matatanda (aged care) o pangangalagang pangresidensyal (residential care).

Saan ako maaaring magpa-test?

Maaari mong kontakin ang iyong doktor upang mag-ayos ng test, o maaari kang pumunta sa isang respiratory clinic. Kung pupunta ka sa iyong doktor, mahalagang kontakin mo muna

ang klinika at sabihin sa kanila ang iyong mga sintomas. Ito ay tutulong sa kanila na paghandaan ang iyong pagdating at protektahan ang ibang tao na nasa klinika.

Ang mga respiratory clinic ay mga sentrong pangkalusugan sa buong bansa na nakatutok sa pag-test ng mga tao na may sintomas ng malubhang impeksyong nagpapahirap sa paghinga. Upang humanap ng isang respiratory clinic na malapit sa iyo, bumisita sa www.health.gov.au/covid19-clinics. Ang inyong estado o teritoryo ay maaaring may karagdagang mga klinika kung saan ka maaaring magpa-test. Makikita mo ang mga ito sa mga pangkalusugang website sa inyong estado o teritoryo.

Kung ikaw ay nagpa-test para sa virus, kailangan mong manatili sa bahay at iwasan ang kontak sa ibang tao. Maaaring magtagal nang isa o dalawang araw bago bumalik ang mga resulta ng iyong test.

Kung ikaw ay may malubhang mga sintomas gaya ng paghihirap sa paghinga, dapat mong tawagan ang 000 para sa kagyat na paggamot.

Tumulong na pigilan ang pagkalat

Upang protektahan ang ating mga komunidad, bawa't isa ay dapat magpatuloy sa pag-uugali ng pisikal na distansya at tamang kalinisan. Tiyaking ikaw ay may layong 1.5 metro mula sa ibang tao at manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit. Maghugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig, at umubo o bumahin sa iyong braso. Magagawa natin ang ating makakaya upang pigilan ang pagkalat ng COVID-19.

I-download ang COVIDSafe App

Kung hindi mo pa nagagawa ito, i-download ang COVIDSafe app upang tulungang protektahan ang iyong pamilya, mga kaibigan at ang komunidad. Ang app ay sumusuporta sa mga opisyal ng pampublikong kalusugan upang abisuhan ang mga tao na nagkaroon ng kontak sa isang tao na may coronavirus.

Karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19

Mahalaga na manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng mga opisyal na mapagkukunan.
Bumisita sa www.australia.gov.au, tawagan ang Coronavirus Helpline sa 1800 020 080 o ang
Translating and Interpreting Service sa 131 450.